

Mga Alaala ng Biyaya

Liksyon 3, Q4, Oktubre 11-Oktubre 17, 2025



Hapon ng Sabbath Oktubre 11

Talatang Sauluhin:

“Sapagka’t tinuyo ng Panginoon ninyong Dios ang tubig ng Jordan sa harap ninyo, hanggang sa kayo’y nakatawid, gaya ng ginawa ng Panginoon ninyong Dios sa Dagat na Mapula, na kaniyang tinuyo sa harap namin, hanggang sa kami ay nakatawid; Upang makilala ng lahat na mga bayan sa lupa ang kamay ng Panginoon, na makapangyarihan; upang sila’y matakot sa Panginoon ninyong Dios magpakailan man.” — Joshua 4:23, 24

"Sinunod ng mga saserdote ang mga utos ng kanilang pinuno at nauna sa bayan habang dala ang kaban ng tipan. Ibinigay ang utos na umurong ang karamihan, upang magkaroon ng bakanteng espasyo na may tatlong-kapat na milya sa paligid ng kaban. Ang napakaraming tao ay nagmamasid nang may matinding interes habang ang mga saserdote ay bumababa sa pampang ng Jordan. Nakita nilang ang mga tagapagdala ng kaban ay matatag na lumalapit sa nagnangalit at umaalimpuyong agos, hanggang sa tila sumasayad na ang kanilang mga paa sa tubig. Biglang umurong ang agos, habang ang daloy sa ibabang bahagi ay patuloy na humahampas, at nahayag ang tuyong ilalim ng Jordan. Sa utos ng Diyos, bumaba ang mga saserdote sa gitna ng ilog at doon tumayo, habang ang napakaraming tao ay nagpatuloy at tumawid patungo sa kabilang panig. Kaya't naitanim sa isipan ng buong Israel na ang kapangyarihang pumigil sa tubig ng Jordan ay siya ring kapangyarihang nagbukas ng Dagat na Pula sa harap ng kanilang mga magulang apatnapung taon na ang nakararaan. ST Abril 7, 1881, par. 6

"Nanatili pa rin sa kanilang kinalalagyan ang mga saserdote at ang kaban sa gitna ng ilog. Sa utos ng Panginoon, labindalawang lalaki, isa mula sa bawat lipi, ang piniling kumuha ng tig-iisang bato mula sa ilalim ng ilog at dalhin ito sa tuyong lupa, bilang alaala para sa lahat ng darating na salinlahi, 'na ang mga tubig ng Jordan ay nahinto sa harap ng kaban ng tipan ng Panginoon; at nang ito'y tumawid sa Jordan, ang mga tubig ng Jordan ay nahinto.'" ST Abril 7, 1881, par. 7

Linggo Oktubre 12

Pagtawid sa Jordan

Basahin ang Josue 3:1–5 at Bilang 14:41–44. Bakit hiniling ng Diyos sa mga Israelita na espesyal na paghandaan ang malapit nang mangyari?

"Ipinag-uutos na ngayon ang paghahanda para sa pagsulong. Ang bayan ay inatasang maghanda ng pagkain na sasapat sa tatlong araw, at ang hukbo ay dapat maging handa para sa labanan. Buong puso silang sumang-ayon sa mga plano ng kanilang pinuno at tiniyak sa kanya ang kanilang pagtitiwala at suporta: 'Lahat ng iyong iniutos sa amin ay aming gagawin, at saan mo man kami suguin ay paroroon kami. Kung paanong aming dininig si Moises sa lahat ng mga bagay, ay gayon ka namin didinggin: sumaiyo lamang ang Panginoon mong Dios, na gaya kay Moises.'" — PP 483.2

"Niwan nila ang kanilang kamento sa mga punong akasya ng Shittim, at bumaba ang malaking pulutong hanggang sa pampang ng Jordan. Gayunman, nalalaman ng lahat na kung walang tulong mula sa Diyos ay wala silang pag-asa na makatawid. Sa panahong ipon ng taon —panahon ng tagsibol—ang natutunaw na niyebe mula sa kabundukan ay nagpasidhi sa tubig ng Jordan hanggang ito'y umapaw sa mga pampang, kaya't imposibleng tawirin ito sa karaniwang tawiran. Ipinasiya ng Diyos na ang pagtawid ng Israel sa Jordan ay maging isang himala. Sa pamamagitan ng banal na tagubilin, inutusan ni Josue ang bayan na italaga ang kanilang sarili; dapat nilang alisin ang kanilang mga kasalanan at linisin ang kanilang sarili mula sa lahat ng panlabas na karumihan; 'sapagkat bukas,' aniya, 'ang Panginoon ay gagawa ng mga kababalaghan sa gitna ninyo.' Ang 'kaban ng tipan' ang mangunguna sa karamihan. Kapag nakita nila ang tanda ng presensiya ni Jehova, na pinapasan ng mga saserdote, na aalis mula sa kinalalagyan nito sa gitna ng kamento at susulong patungo sa ilog, sila nama'y aalis din sa kanilang lugar 'at susunod dito.' Ang mga pangyayari tungkol sa pagtawid ay inihula nang detalyado; at sinabi ni Josue, 'Sa ganito ay inyong makikilala na ang buhay na Dios ay nasa gitna ninyo, at walang pagsalang kaniyang itataboy sa harap ninyo ang Cananeo.... Narito, ang kaban ng tipan ng Panginoon ng buong lupa ay nagpapauna sa inyo sa Jordan.'" — PP 483.3

Lunes Oktubre 13

Ang Buhay na Diyos ng mga Himala

Basahin ang Josue 3:6–17. Ano ang ipinakikita ng mahimalang pagtawid sa Jordan tungkol sa likas ng Diyos na ating pinaglilingkuran?

"Sa itinakdang oras ay sinimulan ang pagmartsa pasulong, at ang kaban, na pasan ng mga saserdote sa kanilang mga balikat, ang siyang nangunguna. Ang mga tao ay inutusan na umurong upang magkaroon ng maluwang na espasyo, mahigit kalahating milya, sa paligid ng kaban. Lahat ay tumingin nang may matinding interes habang ang mga saserdote ay lumalakad pababa sa pampang ng Jordan. Kanilang nakita na ang mga tagapasan ng kaban ay maingat na lumalakad papunta sa galit at umuugong na agos, hanggang sa ang mga paa ng mga tagapasan ay lumubog sa tubig. Pagdaka, ang agos sa itaas ay biglang tumigil at naipon, samantalang ang agos sa ibaba ay patuloy na dumaloy, at ang ilalim ng ilog ay nalantad." PP 484.1

"Sa utos ng Diyos, ang mga saserdote ay lumakad patungo sa gitna ng ilog at tumayo roon habang ang buong hukbo ay bumaba at tumawid sa kabilang panig. Sa ganitong paraan, naitanim sa isipan ng buong Israel ang katotohanang ang kapangyarihang pumigil sa tubig ng Jordan ay siya ring kapangyarihang nagbukas ng Dagat na Pula sa kanilang mga ninuno apatnapung taon na ang nakalilipas. Nang makatawid na ang lahat ng tao, dinala ang kaban patungo sa kanlurang pampang. At nang marating nito ang ligtas na lugar, at 'ang mga talampakan ng mga paa ng mga saserdote ay itinaas na sa tuyong lupa,' agad na ang mga nakulong na tubig ay pinakawalan, at rumagasa pababa, isang hindi mapipigilang baha, sa likas na daluyan ng ilog." PP 484.2

Martes Oktubre 14

Alalahanin

Basahin ang Josue 4. Bakit hiniling ng Diyos sa mga Israelita na magtayo ng isang alaala?

"Ang mga susunod na salinlahi ay hindi dapat mawalan ng patotoo sa dakilang himalang ito. Habang ang mga saserdoteng may pasan ng kaban ay nasa kalagitnaan pa ng Ilog Jordan, labindalawang lalaki—isa mula sa bawat lipi—na naunang pinili, ay kumuha ng tig-isang bato mula sa ilalim ng ilog kung saan nakatayo ang mga saserdote, at dinala ang mga ito sa kanlurang pampang. Ang mga batong ipon ay itatayo bilang isang alaala sa unang lugar ng kanilang kampo sa kabila ng ilog. Inutusan ang mga tao na isalaysay sa kanilang mga anak at mga apo ang kuwento ng dakilang paglilingtas na ginawa ng Diyos para sa kanila, ayon sa sinabi ni Josue: "Upang makilala ng lahat na mga bayan sa lupa ang kamay ng Panginoon, na makapangyarihan; upang sila'y matakot sa Panginoon ninyong Dios magpakailan man." PP 484.3

"Ang himalang ito ay nagkaroon ng malaking impluwensya, hindi lamang sa mga Hebreo kundi maging sa kanilang mga kaaway. Ipinakita nito sa Israel na ang Diyos ay patuloy na kasama nila—isang malinaw na patunay na kililos Siya para sa kanila sa pamamagitan ni Josue, gaya ng pagkilos Niya sa pamamagitan ni Moises. Ang gayong katiyakan ay kinakailangan upang palakasin ang kanilang loob sa pagsisimula ng pananakop sa lupain—ang napakalaking gawain na minsan ay nagpahina sa pananampalataya ng kanilang mga magulang apatnapung taon na ang nakalilipas. Sinabi ng Panginoon kay Josue bago pa man tumawid, "Sa araw na ito ay pasisimulan kong padakilanin ka sa paningin ng buong Israel, upang kanilang makilala, na kung paanong ako'y suma kay Moises ay gayon ako sasa'yo." At natupad nga ang pangakong iyon, sapagkat "nang araw na yaon ay pinadakila ng Panginoon si Josue sa paningin ng buong Israel; at sila'y natakot sa kaniya, gaya ng kanilang pagkatakot kay Moises, sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay." PP 484.4

"Ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos para sa kapakanan ng Israel ay may isa pang layunin—upang iparamdam sa mga bansang nasa paligid ang banal na takot sa Diyos, at sa gayon ay ihanda ang daan para sa banal na tagumpay ng Israel. Nang marinig ng mga hari ng mga Amoreo at ng mga Cananeo na pinigil ng Diyos ang tubig ng Jordan sa harap ng mga anak ni Israel, nangingit sila sa matinding takot. Nauna nang natalo ng mga Hebreo ang limang hari ng Midian, pati na ang makapangyarihang si Sihon na hari ng mga Amoreo, at si Og na hari ng Basan. Kaya't nang matagumpay nilang tawirin ang umapaw at rumaragasang Jordan, ang lahat ng mga bansang nakapaligid ay natigib ng matinding sindak. Sa mga Cananeo, sa buong Israel, at maging kay Josue mismo, ibinigay ng Diyos ang malinaw na patunay na ang buhay na Diyos—ang Hari ng langit at ng lupa—ay nasa gitna ng Kanyang bayan, at na hindi Niya sila kailanman pababayaan o iiwan." PP 485.1

Miyerkules Oktubre 15

Pagkalimot

Basahin ang Joshua 4:20–24 sa liwanag ng mga sumusunod na talata: Hukom 3:7; Hukom 8:34; Awit 78:11; Deuteronomio 8:2, 18; Awit 45:17. Bakit napakahalagang alalahanin ang mga makapangyarihang gawa ng Panginoon?

"Marami ang nagaakala na ang pagkalimot ay hindi dapat sisihin. Ngunit ito ay isang malaking pagkakamali. Ang pagkalimot ay isang kasalanan. Ito'y nagiging sanhi ng maraming pagkakamali, kaguluhan, at kamalian. Ang mga bagay na dapat gawin ay hindi dapat nalilimutan. Kailangang sanayin ang isipan—ito'y dapat disiplinahin hanggang sa ito'y matutong laging magpaalala." 3T 12.1

"Sa pagbalik-tanaw sa ating nakaraang paglalakbay, matapos nating tahakin ang bawat hakbang ng pag-unlad hanggang sa ating kasalukuyang kalagayan, masasabi kong, Purihin ang Diyos! Habang pinagmamasdan ko ang mga dakilang gawa ng Panginoon, ako'y napupuno ng pagkamangha at matibay na pagtitiwala kay Cristo bilang ating pinuno. Wala tayong dapat ikatakot sa hinaharap—maliban na lamang kung makakalimutan natin kung paanong tayo pinatnubayan ng Panginoon at ang mga aral na itinuro Niya sa atin sa ating nakaraang karanasan." —Life Sketches of Ellen G. White, p. 196 (1902). LDE

Basahin ang 1 Corinto 11:24, 25 at Juan 14:26. Bakit kailangang palagi nating alalahanin ang ginawa ni Cristo para sa atin? Ano pa ba ang mahalaga kung wala ito?

"Tapat na naitala ang mga paglalakbay ng mga anak ni Israel—ang paglilingtas na ginawa ng Panginoon para sa kanila, ang kanilang ganap na kaayusan at natatanging sistema, ang kanilang pagkakasala sa pamamagitan ng pagreklamo laban kay Moises at sa gayon ay laban din sa Diyos, ang kanilang mga pagsuway, mga paghihimagsik, mga parusa, at ang pagkakalat ng kanilang mga bangkay sa ilang dahil sa kanilang pagtanginging pasakop sa mga matatalinong patnubay ng Diyos. Ang tapat na larawan na ito ay inilagay sa ating harap bilang babala upang huwag nating tularan ang kanilang halimbawa ng pagsuway at huwag tayong mahulog sa parehong kapahamakan." GW92 159.2

"Sabi ni Pablo, 'ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan' (1 Corinto 14:33). Siya ay kasing-maingat ngayon gaya noon. Nais Niyang matutunan natin ang mga aral ng kaayusan at organisasyon mula sa ganap na sistema na itinaguyod noong panahon ni Moises, para sa ikabubuti ng mga anak ni Israel." —Testimonies for the Church, 1:647. GW92 160.1

Huwebes Oktubre 16

Sa Kabila ng Jordan

Basahin ang Mateo 3:16, 17 at Marcos 1:9. Paano ipinahihiwatig ng mga manunulat ng Bagong Tipan ang simboliko at espirituwal na kahulugan ng Ilog Jordan?

"Ang mga Judio, na malawak nang nakakalat sa iba't ibang maunlad na lupain, ay karaniwang naghihintay sa pagdating ng Mesiyas. Nang nangangaral si Juan Bautista, marami sa kanila—sa kanilang pagpunta sa Jerusalem tuwing taunang kapistahan—ang lumabas patungo sa pampang ng Ilog Jordan upang pakinggan siya. Doon nila narinig na si Jesus ang Ipinagkakong Mesiyas, at kanilang ipinahalita ang mabuting balitang ito sa iba't ibang dako ng sanlibutan. Sa ganitong paraan, inihanda ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang banal na patnubay ang daan para sa ministeryo ng mga apostol." AA 281.3

"Ipinangaral ni Juan ang nalalapit na pagdating ng Mesiyas at nanawagan sa mga tao na magsisi. Bilang sagisag ng paglilinis mula sa kasalanan, binautismuhan niya sila sa tubig ng Jordan. Sa ganitong makabuluhang paraan ng pagtuturo, ipinahayag niya na ang mga taong nagsasabing sila ay bayan ng Diyos ay nadungisan ng kasalanan, at na kung walang tunay na kaayusan at organisasyon mula sa ganap na sistema na itinaguyod noong panahon ni Moises, para sa ikabubuti ng mga anak ni Israel." —Testimonies for the Church, 1:647. GW92 160.1

"Pagkatapos mabautismuhan ni Jesus sa Ilog Jordan, Siya ay dinala ng Espiritu sa ilang upang tuksubin ng diyablo. Pagkaahon Niya mula sa tubig, Siya'y lumuhod sa pampang ng Jordan at taimtim na nanalaglin sa Walang Hanggang Diyos para sa lakas upang mapagtugumpayan ang pakikipaglaban sa kaaway. Ang pagbubukas ng langit at ang pagbaba ng maningning na kaluwalhatian ay nagpapatunay sa Kanyang banal na pagkakakilanlan. Mula sa tinig ng Ama ay narinig ang patotoo ng Kanyang malapit na ugnayan kay Cristo: "Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan." Malapit nang simulan ni Cristo ang Kanyang misyon, ngunit bago iyon, kinailangan Niyang ihiwalay ang Kanyang sarili mula sa mga abalang tanawin ng sanlibutan at pumunta sa ilang upang harapin ang tatlong tukso bilang kinatawan ng mga taong Kanyang naparito upang tubusin." Con 9.1

Biyernes Oktubre 17

Karagdagang Kaisipan

Nang marinig ng mga hari ng mga Amoreo at ng mga hari ng mga Cananeo na pinigil ng Panginoon ang tubig ng Jordan sa harap ng mga anak ni Israel, nangalumo ang kanilang mga puso dahil sa matinding takot. Napatay na ng mga Israelita ang dalawa sa mga hari ng Moab, at ngayon, ang kahanga-hangang pagtawid nila sa umapaw at rumaragasang Jordan ay nagdulot ng matinding sindak sa lahat ng mga bansang nakapaligid." ST Abril 7, 1881, tal. 9

"Natapos na ang mahabang taon ng paglalagalog; sa wakas ay narating na ng mga hukbo ng mga Hebreo ang lupang pangako. Sa gitna ng pangkalahatang kagalagan, hindi nakalimutan ni Josue ang mga utos ng Panginoon. Ayon sa banal na tagubilin, isinagawa niya ang seremonya ng pagtutuli sa lahat ng taong ipinanganak sa ilang. Pagkatapos ng seremonyang ito, ipinagdiwang ng hukbo ng Israel ang Paskuwa sa kapatagan ng Jerico." ST Abril 7, 1881, tal. 10

"At sinabi ng Panginoon kay Josue, ' Sa araw na ito ay inalis ko sa inyo ang pagdusta ng Egipto.' Matagal nang nililibak ng mga bansang pagano ang Panginoon at ang Kanyang bayan, sapagkat nabigo ang mga Hebreo na ipakinin ang lupain ng Canaan na inaasahan nilang mamanahin agad pagkatapos nilang umalis sa Egipto. Nagtagumpay sa pagmamataas ang kanilang mga kaaway sapagkat labis na tumagal ang paglalakbay ng Israel sa ilang, at mapangahas nilang ipinarangalan ang kanilang sarili laban sa Diyos, na sinasabing hindi Niya kayang dalhin ang Kanyang bayan sa lupain ng Canaan. Ngunit ngayo'y hayagang ipinakita ng Panginoon ang Kanyang kapangyarihan at kabutihan sa pamamagitan ng pagpatnubay sa Kanyang bayan na makatawid sa Jordan sa tuyong lupa, kaya't hindi na muling makapagbintang laban sa kanila ang kanilang mga kaaway." ST Abril 7, 1881, tal. 11

Para sa karagdagang pag-aaral, maaaring tumawag o makipag-ugnayan lamang po sa:

WhatsApp: (+63)961-954-0737

contact@advancedsabbathschool.org